# PAOS NA TINIG SA KAWALAN

*by:*
**Dorothy D. Pingol**
*Teacher I, Capitangan Elementary School*

Sa pakiwari ko ba ay nalipat ang sabungan sa ingay na aking naririnig. Ano kaya ang pinagkakaingayan? Sinuri ko ang paligid. Nahagip ko ang kumpulan ng mga bata.Namasyal ako sa silid at nasagot na rin ang tanong sa aking isipan. May hawak na gadget ang isang batang lalake at ang mga nakapaikot sa kanya ay tila nagkakatuwaan. Sa bawat kislap ng ilaw, animo sila ay nasisilaw… At hindi matatawaran ang kagalakan na masasalamin sa kanilang mga ngiti. Kitang-kita ang pagka-aliw ng bawat isa. Hindi sila mapigilan sa pangungusap dahil sa mga imahen na nabuo mula sa gadget. Pambihirang pagkakataon na sila ay nagkakatuwaan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isang pagtikhim ang nagpahiwalay sa kanila. Tila ba sila ay may iisang kaisipan na bumalik sa kanilang kinauupuan. Malilikot ang mga mata at wari nakikiramdam. Sa pagbagsak ng patpat sa ibabaw ng mesa batid nila na mag-uumpisa na ang araw ng pagpapanday. Lahat ay nagpakita ng kahandaan na makinig. Bawat isa ay tikom ang bibig at tila ba nabarahan ang bibig. Animo binabayo ang mga dibdib sa tuwing sila ay magbabahagi. Nasaan na ang enerhiya na mayroon sila kanina?? Kay bilis ng pagbabago nila!

Panibagong araw ng pagpapanday. Lahat ay matamang nakikinig. Bawat isa ay inilipat ng kinauupuan. Ang bawat isa ay binigyan ng gawain. Lahat ay kakikitaan ng pagiging abala sa pagsusulit. Liban sa isa. Tuwid sa pagkakaupo at malayo ang tingin. Oras ay lumipas at bawat isa ay naghanda na sa pag-uwi. Isa-isang iniabot sa akin ang mga papel. Pero, mayroon isa na hindi tuminag. Siya ay aking nilapitan.Tinanong ko siya kung nasaan ang gawa niya. Tumingin lang siya sa akin. Muli akong nagtanong, hindi

ba niya nauunawaan ang gagawin? Isang buntong-hininga ang pinakawalan niya. Sa ikatlong pagkakataon, siya ay aking tinanong…masama ba ang pakiramdam niya? Wala ba siyang pa at papel? Hindi ba siya naging komportable sa kanyang kinauupuan? Hindi pa rin siya umimik at nagulat na lang ako sa mga butil na nalaglag sa kanyang pisngi. Halos hindi ako nakahuma sa aking nasaksihan. Tila may pader na nakaharang at hindi ko siya napagmasdan. Lubha pala siyang nahirapan sa bago niyang upuan. Hindi ko napuna na sa pagsulat, gamit niya ay hindi kanan. Maliit na bagay sa iba pero sa kanya ito ay isang parusa. Hindi ko natugunan ang kanyang pangangailangan kaya siya ay nahirapan. Dahil sa kalagayan, siya ay naging mahiyain at nakulong sa kinauupuan. Gaano na kaya katagal na siya ay naghihintay na mapakinggan? Masakit isipin na siya ay aking napabayaan. Paghingi ng paumanhin ang sa akin ay tanging maiaalay. At mangangako na sa tuwina ay talasan ang pandinig para sa mga paos na tinig sa kawalan dahil sa mga tulad natin sila ay umaasa at naghahangad ng pag-unlad.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://www.wordhippo.com/what-is/the-meaning-of/filipino-word-c2048a0b02819958c87d48d88c1d366511de05bc.html

https://www.pbs.org/wgbh/nova/article/inside-the-mind-of-a-left-hander/

https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3258574/pdf/Dtsch_Arztebl_Int-108-0849.pdf